EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
سفارة جمهورية الفلبين
MANAMA

PR-JRRA-023-2018

# STATEMENT ON THE REPORTED GENITAL MUTILATION OF A FILIPINA HOUSEMAID

The Embassy of the Republic of the Philippines in the Kingdom of Bahrain issues this statement relative to recent media reports of one Filipina household worker whose genitalia was allegedly mutilated by her employer.

Upon receipt of information on the matter over social media that the Filipina housemaid was already *enroute* to the Philippines via Abu Dhabi, the Embassy immediately coordinated with the Philippine Embassy in Abu Dhabi, UAE, and the relevant authorities in Manila to extend all the necessary assistance to the Filipina.

A representative of the Department of Foreign Affairs' Office of the Undersecretary for Migrant Workers' Affairs (DFA-OUMWA) established contact with the worker immediately upon her arrival in Manila and, subsequently, brought her to a public hospital for medical examination.

Upon instructions of Foreign Affairs Secretary Alan Peter S. Cayetano, DFA-OUMWA transferred the worker to the St. Luke's Medical Center, Quezon City, a private, world-class hospital and one of the best medical facilities in the Philippines, to undergo a more exhaustive medical examination.

Results of the medical examinations conducted on the Filipina housemaid showed that her external genitalia is normal with no evidence of wounds or scars. The attending physician likewise confirmed that her breasts are normal with no sign of any recent wound or scars on the said area.

However, other signs of possible physical and other forms of abuse have been observed on the Filipina housemaid. A psychiatric specialist confirmed that the Filipina was suffering from Post-Traumatic Stress Disorder (PTSD), the cause and extent of which is still undetermined at this point.

She remains confined at the aforementioned hospital to undergo further examination and treatment. All arrangements for her welfare and well-being are being handled by the DFA-OUMWA.

Moreover, Embassy officials were informed that the housemaid was only

PHILIPPINE EMBASSY MANAMA

paid a monthly salary of 90BD since her arrival in Bahrain. The Embassy notes that the required salary in the standard contract approved by the Philippine Overseas Employment Administration (POEA) for the deployment of housemaids to Bahrain, or to any other country, is USD400 or 150BD.

Correspondingly, all other necessary and appropriate courses of action are being studied and prepared to address her legitimate grievances and allegations. The Embassy has likewise contacted the relevant authorities in the Kingdom of Bahrain, specifically the Labor Market Regulatory Authority (LMRA), regarding the matter.

The Embassy further notes material inaccuracies in the details of the reports published on the matter, including with respect to the identity of the Filipina housemaid. However, due to the sensitivity of the matter and giving due respect to her person and privacy, the DFA and the Embassy shall keep this matter strictly confidential.

The Embassy expresses its appreciation to all those who have shown genuine concern, including those in the expatriate community, for the welfare of fellow migrants. The Embassy however urges members of the media, as well as those of the expatriate worker community, to exercise due diligence and circumspection in verifying facts prior to publication, including posting the same on social media. The Embassy reserves its rights to whatever legal course of action it may deem necessary in this regard.END

PHILIPPINE EMBASSY
MANAMA

EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
سفارة جمهورية الفلبين
MANAMA

**PR-JRRA-023-2018**

## PAHAYAG UKOL SA NAPAULAT NA PINSALA SA MASELANG BAHAGI NG KATAWAN NG ISANG KASAMBAHAY NA PILIPINA

Ipinapalabas ng Pasuguan ng Pilipinas sa Kaharian ng Bahrain ang pahayag na ito hinggil sa mga lumabas na ulat sa media kamakailan ukol sa isang kasambahay na Pilipina na diumano'y nakatanggap ng pagpinsala sa mga maselang bahagi ng kanyang katawan, gawa umano ng kanyang amo.

Makaraang makatanggap ng impormasyon na ang kasambahay na Pilipina ay pauwi na sa Pilipinas sa pamamagitan ng Abu Dhabi, ang Pasuguan ay madaliang nakipag-ugnayan sa Pasuguan ng Pilipinas sa Abu Dhabi, UAE at sa mga kinauukulang awtoridad sa Maynila upang mabigyan ng kinakailangang tulong ang nasabing Pilipina.

Isang kinatawan ng Department of Foreign Affairs' Office of the Undersecretary for Migrant Workers' Affairs (DFA-OUMWA) ang agarang nakipag-ugnayan sa nasabing manggagawa sa sandaling nakarating ito sa Maynila at dinala ito sa isang pampublikong ospital upang masuri ng mga doktor.

Sa utos ni Foreign Affairs Secretary Alan Peter S. Cayetano, inilipat ng DFA-OUMWA ang nasabing manggagawa sa St. Luke's Medical Center sa Quezon City, isang pribado at *world-class* na ospital at isa sa pinakamahusay na pasilidad pangkalusugan sa Pilipinas, upang sumailalim sa mas lubusan na pagsusuri.

Ang mga resulta ng pagsusuri na isinagawa ay nagpakita na ang maseselang bahagi ng katawan ng Pilipinang manggagawa ay normal at walang bakas ng sugat o peklat. Kinumpirma din ng pangunahing manggagamot na tumingin sa Pilipina na ang dibdib (*breast*) ng nasabing manggagawa ay walang bakas ng sugat o peklat.

Gayunpaman, may ibang senyales ng pisikal at iba pang uri ng pang-aabuso ang nakita at naobserba sa kasambahay na Pilipina.  Isang espesiyalista sa sikolohiya ang nagkumpirma na ang Filipina ay mayroong Post-Traumatic Stress Disorder (PTSD), subalit ang sanhi at lawak ng epekto nito ay hindi pa matukoy ng lubusan sa kasalukuyan.

PHILIPPINE EMBASSY MANAMA

Nananatili ang kasambahay na Pilipina sa nasabing ospital upang sumailalim sa higit pang pagsusuri at paggamot. Lahat ng kinakailangan para sa kanyang kapakanan at kabutihan ay inaasikaso ng DFA-OUMWA.

Bukod sa mga nabanggit, napagalaman ng mga opisyales ng Pasuguan na ang nasabing kasambahay ay binabayaran lamang na buwanang sahod na 90BD simula nang dumating ito sa Bahrain. Tinatala ng Pasuguan na ang nakatakdang suweldo na nakasaad sa kontrata na naaprubahan ng Philippine Overseas Employment Administration (POEA) para sa pagpapadala ng mga kasambahay sa Bahrain, o sa kahit anumang ibang bansa, ay USD400 o 150BD.

Lahat ng iba pang nararapat at naaayon na hakbang ay masusing pinag-aaralan at inihahanda upang matugunan ang kaniyang mga lehitimong karaingan at paratang. Nakipag-ugnayan na rin ang Pasuguan sa mga kinauukulang ahensya sa Kaharian ng Bahrain, kabilang na ang Labor Market Regulatory Authority (LMRA), ukol sa nasabing bagay.

Binibigyang pansin din ng Pasuguan ang mga hindi tumpak na detalye sa mga ulat na naipahayag ukol sa bagay na ito, kasama na ang ukol sa pagkakakilanlan ng kasambahay na Pilipina. Dahil sa maselan na uri ng kaganapang ito, at bilang pagbibigay galang sa kanyang katauhan at karapatang maging pribado o *privacy*, pananatilihing lihim ang mga bagay na ito *(strictly confidential)* ng DFA at ng Pasuguan.

Ipinahihiwatig ng Pasuguan ang pagpapahalaga nito sa lahat ng nagpakita ng tunay na pag-aalala, kabilang ang mga nasa *expatriate community*, para sa kapakanan ng kapwa migrante. Gayunpaman, hinihikayat ng Pasuguan ang mga miyembro ng *media*, pati na rin ang mga kabilang sa *expatriate community*, na maging maingat at masipag sa pagsiguro ng katotohanan at pairalin ang pagiging mahinahon bago maglathala ng ano mang ulat, lalo na sa social media. Inilalaan ng Pasuguan ang karapatan nito sa anumang hakbang na legal na itinuturing nitong kinakailangan hinggil sa bagay na ito.END

PHILIPPINE EMBASSY
MANAMA